# Autism Spectrum Disorder

## Ano ang Autism Spectrum Disorder?

Ang Autism Spectrum Disorder ay isang kapansanang nakakaapekto sa paglaki ng isang tao na nakakasagabal sa pakikipag- usap, at pag- uugnay sa ibang tao. Ito ay nauuri sa mga kapansanan sa pakikitungo, sagabal sa pakikipag- usap, at limitado, paulit-ulit, at pare-parehong modelo ng ugali. Ang Autism Spectrum Disorder ay isang kundisyon at maaari maapektuhan ang kliyente sa iba't ibang paraan. Ang ibang taong may autism spectrum disorder ay kayang mamuhay nang mag-isa samantalang ang iba ay maaaring kasamang kapansanan sa pagkatuto at nangangailangan ng gabay ng espesyalista habang buhay. Mas mataas ang pagkakataong magkaron ng autism spectrum disorder ang mga lalaki kesa mga babae. Ang mga taong may autism spectrum disorder ay may ebidensya ng hindi maayos na paglaki bago ang edad na 3.

## Anu-ano ang mga karaniwang palatandaan ng Autism Spectrum Disorder?

Dahil ito ay kundisyon ng espektro, ang kanilang mga problema ay maaring iba't iba sa kalubhaan at tindi nito. Sa pangkalahatan, kasama nito ang tatlong pangunahing sakop ng sintomas:

1.) Kapansanan sa pakikitungo:
- Madalas silang umiiwas ng tingin at kulang ang atensyon sa sigla ng kapaligiran nila. Hindi sila madalas tumingin sa tao, at madalang tumugon sa sarili nilang pangalan
- Ayaw nilang makihalubilo sa iba, magsimula ng pakikihalubilo o makihati
- Kung minsan sila ay hindi naangkop makipag-ugnayan, na nagdudulot ng kahihiyan

2.) Sagabal sa pakikipag- usap:
- Madalas na nahuhuli silang matuto magsalita, at ang iba ay may kahirapang ipahiwatig ang kanilang mga sarili. Kahit na sila ay nakakapagsalita, hindi nila kaugalian ang makipag- usap sa iba o kaya ang kanilang pakikipag-usap ay sa ibang pamamaraan. Ang pakikipag-usap ay madalas may koneksyon sa kanilang mga kahilingan
- Kulang sa imahinasyon/paggawa ng makahulugang laro; at mahina sa pagkathang-isip at pang-unawa sa palaisipan kapag tumanda.
- Kulang sa magkasamang pansin o pakikihati at ang iba ay nahuhuli sa pag-uulit ng mga naririnig sa salita o "echolalia"

3.) Paulit-ulit o pare-parehong modelo ng ugali:
- Limitado ang interes, o aktibidad kagaya ng hindi pagtigil sa ginagawa nila sa isang laro o laruan
- May pagkaritwal ang pag-uugali na sinasamahan ng pirmihang parisan sa araw-araw na mga aktibidad, kagaya ng nakapirming ruta papuntang iskwelahan at tumututol sa pagbabago nito. Maaaring mabalisa o sumabog ang silakbo ng damdamin kapag ito ay nagambala.
- Paulit-ulit na kilos, kagaya ng pagpagaspas ng kamay, pag-ikot ng ulo, o pagyugyog ng katawan.

4.) Iba pang sintomas:
- Makakaranas din ng kulang o sobrang sensitibo sa ingay, pandama, lasa, amoy, liwanag o mga kulay

- Makakaranas din ng kulang o sobrang sensitibo sa ingay, pandama, lasa, amoy, liwanag o mga kulay. Ang iba ay maaaring magkaron din ng problema sa emosyon, ugali, at/o pagkatuto habang ang iba ay maaaring magkaroon ng iba pang problema tulad ng sobrang pagkaligalig, kawalang atensyon, saktan ang sarili, kahirapan sa pagtulog, at bayolenteng ugali

## Ano ang mga sanhi ng Autism Spectrum Disorder?

Ang eksaktong sanhi ng autism spectrum disorder ay patuloy pang iniimbestigahan. Gayunpaman, ang mga pag-aaral ang nagsasabing ito'y mga kumbinasyon ng mga kadahilanan:

Ang mga genetic at mga dahilan sa kapaligiran ay maaaging maging mga dahilan ng pagbabago sa paglago ng utak. Ang autism spectrum disorder ay hindi sanhi ng pagpapalaki sa tao, ng kanilang kalagayan sa lipunan at hindi pagkakamali ng taong may kundisyong ito.

## Paano ginagamot ang Autism Spectrum Disorder?

Walang gamot sa Autism Spectrum Disorder. Sa pamamagitan ng mga terapi at ugali na isinagawa, nireremedyuhan ang partikular na sintomas at magdulot ng malaking paghusay. Ang pinakamabuting plano sa panggagamot ay pagsamahin ang terapi at sa pamamagitan ng pagtugon sa ispesipikong pangangailangan at himukin na maging pinakamainam na malayang pamumuhay nito. Ang pagpapayong pampamilya ay madalas na nakakatulong sa mga pamilya upang makaya ang partikular na pagsubok habang magkasama sa autistic na bata.

Medikasyon: Maaring magreseta ang mga doktor para magpagaling sa ispesipikong sintomas na may kaugnayan sa autism, kagaya ng pagkabalisa, depresyon, o obsessive-compulsive disorder. Ang antipsychotic na gamot ay ginagamit upang pagalingin ang may malalang problema sa ugali. Ang mga gamot na nagpapagaling sa mga may kapansanan sa kakulangan ng atensyon ay makakatulong nang malaki upang mabawasan ang pabigla-bigla at sobrang likot.

Para sa maraming mga bata, ang mga sintomas ay bumubuti sa paggamot. Sa pagbibinata o pagdadalaga, ang ibang batang may autism spectrum disorder ay maaaring magkaron ng depresyon o makaranas ng problema sa ugali, at ang kanilang paggamot ay nangangailangan ng pagbabago habang sila ay napupunta sa karampatang gulang. Ang mga taong may autism spectrum disorder ay madalas na patuloy na gumagamit ng serbisyo at suporta habang sila ay tumatanda, ngunit marami rin ang nakakapagtrabaho nang matagumpay at namumuhay nang malaya o napapalooban ng suportadong kapaligiran.

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng orihinal sa Ingles. Sa oras ng pagkakamali o hindi pagkakatugma, ang bersyon sa Ingles ang susundin.